Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-04
SERYE NG 2016

KAPASIYAHAN PARA SA PROYEKTONG "DANDANIW" NGAYONG BUWAN NG PANITIKAN 2016

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991, ang batas na lumilikha sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na tungkulin ng KWF sa pagbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

SAPAGKAT, iniaatas pa ang pagtawag ng alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

SAPAGKAT, pinagtibay ng Pangulo ang Proklamasyon Blg. 968, s. 2015, na nagdedeklara sa Abril bilang Buwan ng Panitikang Filipino, nilagdaan noong 10 Pebrero 2015, at naghahayag na ang pambansang panitikan ay may mahalagang gampanin sa preserbasyon at inspirasyon ng kasalukuyang panitikan at sa pagpapakilala ng mga halagahang Filipino na sa mga kabataan;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na ang KWF, kaisa ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), National Book Development Board (NBDB), mga institusyong gaya ng creative writing center ng iba't ibang unibersidad, mga non-governmental organization (NGO), at iba pang entidad at indibidwal, ay magdiriwang ng Buwan ng Panitikang Filipino 2016;

IPINAPASIYA, na pagtibayin ang proyektong "Dandaniw" na dokumentasyon at promosyon ng mga piling tradisyonal na oral na panitikan ng bansa, partikular na ang bayok, binalaybay, dallot, at ismayling;

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ng pondong PHP858,800 para sa pagpapatupad ng gawaing ito sa Abril 2016, at ipamamahala din ang ganap na pagpapatupad ng proyekto sa Lupong Tagapagpaganap ng KWF;

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa Pulong ng Kalupunan ng mga Komisyoner na ginanap ngayong 14 Marso 2016 sa KWF Silid Pulungan, 2P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Maynila.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO
Tagapangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
Petsa: 3/15/16 Oras: 10:35
Ni:

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KOM. PURIFICACION G. DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad